IJROMS
INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH ON MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Original Article

**International Journal of Research on Multidisciplinary Studies**
*Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145*
*Volume 1, Issue 8, pp. 1-9, September 2026*
*https://ijroms.com*

IJROMS INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH ON MULTIDISCIPLINARY STUDIES
"Bridging Disciplines, Advancing Knowledge"

# Wikang Filipino at Artificial Intelligence: Isang Kwalitatibo at Etnograpikong Pag-aaral sa Tekno-Kultural na Transpormasyon sa Akademya

Belardo P. Labandelo

**Author Information:**
*Faculty, General Education Department, The Manila Times College of Subic, Inc, Subic Bay Freeport Zone, Philippines*

**Correspondence:**
labandeloabbi@gmail.com

**Article History:**

*Date Received: August 7, 2026*
*Date Revised: August 14, 2026*
*Date Accepted: August 15, 2026*
*Date Published: September 9, 2026*

**DOI:** https://doi.org/10.67903/ijroms0403

**Document ID:** *2026IJROMS0403*

**Recommended Citation:**
*Labandelo, B. P. (2026). Wikang Filipino at Artificial Intelligence: Isang kwalitatibo at etnograpikong pag-aaral sa tekno-kultural na transpormasyon sa akademya. International Journal of Research on Multidisciplinary Studies, 1(8), 1–9.* https://doi.org/10.67903/ijroms0403

**ABSTRAK :** Sinisiyasat ng kwalitatibo at etnograpikong pananaliksik na ito ang masalimuot na pakikipagtagpo ng Wikang Filipino sa Artificial Intelligence (AI) sa loob ng tatlong piniling pamantasan sa Luzon sa loob ng anim na buwang field study (Enero hanggang Hunyo 2026). Layunin ng pag-aaral na suriin kung paano ginagamit ang AI sa akademikong pagsulat, matukoy ang mga semantiko at pangkulturang limitasyon ng mga Large Language Model (LLM), maunawaan ang umuusbong na indigenized prompt engineering, at masiyasat ang redefinition ng akademikong integridad. Sa pamamagitan ng kalahok-obserbasyon (120 oras), malalimang pakikipanayam sa 25 kwalipikadong kalahok (10 propesor, 10 mag-aaral, at 5 software developers), netnograpikong pagsusuri sa tatlong pampublikong online academic communities (N=150 posts), at reflexive journaling, isinagawa ang thematic analysis gamit ang NVivo 14. Lumitaw sa mga resulta ang apat na pangunahing tema: (1) ang AI bilang "tekno-katuwang" (co-creator) na nagpapabilis ng pag-draft ngunit nagdudulot ng cognitive offloading kapag ginamit bilang "kahalili" (replacer); (2) ang krisis ng semantic displacement at hallucination sa pagsasalin ng mga historikal at rehiyonal na rehistro; (3) ang taktikal na pagbuo ng "indigenized prompt engineering" na naglalapat ng Sikolohiyang Pilipino at relational prompting; at (4) ang banta ng digital neocolonialism at epistemic injustice sa mga rehiyonal na wika sa Pilipinas. Ipinapakita ng pag-aaral na bagaman nag-aalok ang AI ng pedagohikal na pakinabang, kinakailangan ang isang makabayang balangkas ng pagpopook upang mapanatili ang kultural na soberanya at wika ng akademya.

**Mga Susing Salita:** Artificial Intelligence; Etnograpiya; Indigenized Prompt Engineering; Sikolohiyang Pilipino; Wikang Filipino.

## Panimula

Hindi na maikakaila ang mabilis at malawak na pagpasok ng Artificial Intelligence (AI) sa mga silid-aralan, silid-aklatan, at iba't ibang digital na espasyo ng akademya sa Pilipinas. Sa pag-usbong ng mga Large Language Model (LLM) at generative AI na tulad ng ChatGPT, Gemini, Claude, at Llama, nagkaroon ng radikal na pagbabago sa oryentasyon, proseso, at estruktura ng akademikong diskurso (Heidegger, 1977; Holmes et al., 2019; Selwyn, 2019). Ang pangunahing usapin sa mga pamantasan ngayon ay hindi na nakatali sa simpleng pagbabawal o pagpapahintulot sa paggamit ng AI, kundi sa kung paano ito gagamitin nang may kritikal na pag-unawa, etikal na pananagutan, at malalim na pagpapahalaga sa sariling wika at kultura. Kamakailan, inilabas ng Komisyon sa Wikang Filipino *(KWF, 2026)* ang adbokasiya at temang *'Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon.'* Ang panawagang ito mula sa KWF (2026) ay nagpapakita ng isang mahalagang hamon sa lokal na akademya.

Sa gitna ng mga teknolohiyang binuo sa Kanluran na sinanay sa wikang Ingles at sa mga data-rich na dayuhang korpus kinakailangang suriin nang maigi kung paano magagamit ang AI upang papayayamanin ang pambansang dunong nang hindi nagiging biktima ng linguistic assimilation o asimilasyong pangwika (Almario, 2014). Ang hamong ito ay hindi lamang teknikal kundi pampulitika at pangkultura: paano natin maipagtatanggol ang soberanya ng ating wika sa isang digitized na pandaigdigang ekosistema?

May matagal nang pangamba sa epekto ng modernong teknolohiya sa pagpapanatili ng katutubong wika at kultura. Binigyang-diin ni Warschauer (2004) na ang teknolohiya ay madalas na nagiging puwersa ng homogenisasyon na nagiging sanhi ng pagkaipit ng mga low-resource language at minoridad na dila. Dahil ang malalaking AI models ay nakabase sa kulturang Kanluranin at sa mga wikang may malawak na digital footprint, umiiral ang matinding panganib na ang pag-aangkin sa AI sa Pilipinas ay maging panibagong anyo lamang ng tekno-kolonyalismo at algorithmic bias (Benjamin, 2019).

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License. 

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
*Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145*
*Volume 1, Issue 8, pp. 1-9, September 2026*
*https://ijroms.com*
IJRCMS INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH ON MULTIDISCIPLINARY STUDIES "Bridging Disciplines, Advancing Knowledge"

Sa kabilang banda, binibigyang-diin ng ilang iskolar na ang AI ay may kapansin-pansing potensyal ding maging kasangkapan sa demokratisasyon ng kaalaman at pagpapalawak ng akses sa impormasyon (Holmes et al., 2019; Hossain et al., 2026). Kung gagamitin nang may estratehikong localization at kultural na pagpopook, kayang isalin, ibuod, at i-synthesize ng AI ang napakaraming banyagang pananaliksik patungong Filipino—isang hakbang upang mabuwag ang pader ng wikang Ingles na hegemonikong naghihiwalay sa akademya at sa karaniwang mamamayang Pilipino (Constantino, 1996).

**Ang Suliranin at Layunin ng Pananaliksik**

Upang masuri ang dalawang magkasalungat na puwersang ito, ang banta ng tekno-kolonyalismo at ang potensyal ng demokratisasyon, tinangka ng pananaliksik na ito na sagutin ang apat na pangunahing katanungan;

1. Paano aktwal na ginagamit ng mga guro at mag-aaral ang AI sa kanilang akademikong pagsulat at pananaliksik sa wikang Filipino sa pang-araw-araw na praktis?
2. Ano-ano ang mga kultural, semantiko, at pragmatikong sablay at limitasyon ng mga LLM kapag inilapat sa wikang Filipino at iba pang mga wika sa Pilipinas?
3. Paano nakikipag-interact ang mga Pilipinong akademiko sa AI sa pamamagitan ng tinatawag na "indigenized prompt engineering" upang maisakatuparan ang kultural na pagpopook ng kaalaman?
4. Paano binibigyang-kahulugan ng mga akademiko ang "awtentisidad," "integridad," at "sariling tinig" sa panahon ng automated text generation at cognitive offloading?

**Saklaw at Delimitasyon**

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa etnograpikong pagsusuri sa tatlong napiling institusyong tersiyarya sa Rehiyon III at National Capital Region (NCR) sa Luzon sa loob ng anim na buwang field study (Enero hanggang Hunyo 2026). Ang mga kalahok ay binubuo ng 25 indibidwal (10 propesor sa Filipino/Panitikan, 10 mag-aaral sa kolehiyo, at 5 software developers sa computational NLP). Dahil ang kwalitatibong pag-aaral na ito ay nakadisenyo para sa malalimang contextual depth at pag-unawa sa partikular na tekno-kultural na kapaligiran ng mga napiling pamantasan sa Luzon, ang mga natuklasan at tema rito ay hindi nilalayong maging estatistikong pangkalahatan (statistical generalization) para sa buong Kapuluan o sa lahat ng pamantasan sa Pilipinas. Gayunpaman, ang mga konseptuwal na balangkas at analitikong tema ay nagbibigay ng transferability at analytical generalizability para sa mga katulad na akademikong konteksto sa bansa.

## Integratibong Rebyu Ng Kaugnay Na Literatura

**Artificial Intelligence, Generative Models, at Pedagohiya sa Wika**

Sa nakalipas na limang taon, nagkaroon ng eksponensyal na pagtaas sa mga pag-aaral na nagsusuri sa epekto ng Large Language Models (LLMs) sa edukasyon. Inilahad nina Holmes et al. (2019) at Selwyn (2019) na ang AI ay mabilis na nagpapabago sa tradisyunal na pedagohiya mula sa teacher-centered instruction tungo sa automated support systems. Sa larangan ng pagtuturo ng wika at pagsulat, natuklasan nina White et al. (2023) na ang generative AI ay nagbibigay ng agarang feedback sa gramatika, estruktura, at rehistro, na nagpapataas ng bilis ng drafting ng mga mag-aaral. Gayunpaman, binigyang-diin nina Risko at Gilbert (2016) na ang labis na pagdepende sa mga automated cognitive tools ay nagdudulot ng "cognitive offloading"—ang penomenon kung saan ang utak ng tao ay nagpapasagasa sa AI ng mga kritikal na proseso ng pag-iisip, na nagreresulta sa paghina ng analytical rigor at sariling boses ng manunulat.

**Low-Resource NLP, Natural Language Processing, at Digital Neocolonialism**

Sa larangan ng computational linguistics, ang wikang Filipino at iba pang mga wika sa Pilipinas ay opisyal na inuuri bilang "low-resource languages" sa ekosistema ng Natural Language Processing (NLP) dahil sa kakulangan ng digitized, annotated, at high-quality training corpora kumpara sa Ingles o Tsino. Sa systematic review nina Hossain et al. (2026), naipakitang ang karamihan sa mga pampublikong LLM ay may matinding algorithmic bias sapagkat higit 85% ng kanilang training datasets ay nagmumula sa Anglophone at Western sources. Pinag-aralan ni Shabanpour (2026) kung paano nagdudulot ang kawalang-balanseng ito ng "digital neocolonialism" at epistemic injustice, kung saan ang mga localized at katutubong sistema ng kaalaman ay naisasantabi o napipilitang umangkop sa Kanluraning semantic structures. Sa konteksto ng Pilipinas, ipinakita ni Warschauer (2004) na ang teknolohiya kapag hindi isinapook ay nagiging instrumento ng linguistic assimilation na nagpapahina sa mga rehiyonal na dila.

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

**International Journal of Research on Multidisciplinary Studies**
*Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145*
*Volume 1, Issue 8, pp. 1-9, September 2026*
*https://ijroms.com*


**Akademikong Integridad, Awtentisidad, at Paggamit ng AI sa Pilipinas**

Sa Pilipinas, ang talastasan ukol sa AI sa akademya ay nagsimula sa usapin ng plagiarism at integridad. Binigyang-diin ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF, 2024) na ang AI ay dapat tignan bilang kasangkapan sa pananaliksik at hindi bilang kapalit ng intelektwal na pagsisikap ng mananaliksik. Sa konteksto ng Sikolohiyang Pilipino, binigyang-diin nina Pe-Pua at Protacio-Marcelino (2000) pati ni Enriquez (1992) na ang anumang pagtatasa sa gawi at integridad ng mga Pilipino ay dapat nakaugnay sa konseptong 'Kapwa' at panloob na pagpapahalaga sa halip na sa panlabas lamang na disiplina. Gayunpaman, tulad ng ipinaalala nina Almario (2014) at San Juan (2007) hinggil sa pangangalaga sa pambansang identidad laban sa neokolonyalismo, ang pag-aangkin sa anumang dayuhang teknolohiya o wika ay dapat nakatali sa nationalist education at pambansang identidad. Ang mga lokal na pag-aaral sa akademikong integridad ay madalas na nakatutok sa quantitative detection (hal. Turnitin o AI detectors), ngunit salat sa kwalitatibo at etnograpikong pagsusuri kung paano aktwal na nirerebisa, binibigyang-kahulugan, at isinasa-Pilipino ng mga mag-aaral at guro ang kanilang pakikipag-interact sa AI sa araw-araw na pagsulat.

**Etnograpiya at Netnograpya sa Tekno-Kultural na Pag-aaral**

Upang maunawaan ang emosyonal, kultural, at praktikal na realidad ng paggamit ng teknolohiya, mahalaga ang pamamaraang etnograpiko. Binigyang-diin ni Kozinets (2010) na ang netnography ay nagbibigay ng akses sa mga likas, hindi napipilitang talastasan sa mga digital academic communities. Sa sosyolinguwistikong etnograpya (Creswell & Poth, 2018), ang mananaliksik ay hindi lamang tagamasid kundi nakikipamuhay upang maunawaan ang nuanced praxis ng mga aktor sa larangan.

**Ang Pagtiyak sa Research Gap**

Tiyak na Research Gap: Bagaman may mga umiiral na pag-aaral ukol sa technical limitations ng NLP sa low-resource languages (Hossain et al., 2026) at mga pangkalahatang talakayan sa AI sa edukasyon (Holmes et al., 2019; Selwyn, 2019), may malaking puwang sa empirikal na literatura ukol sa: (1) kung paano partikular na nakikipagtagpo ang Wikang Filipino at mga rehiyonal na dila sa mga LLM sa aktwal na silid-aralan; (2) ang emosyonal at eksistensyal na karanasan ng mga Pilipinong akademiko hinggil sa sariling boses at banta ng cognitive offloading sa pananaw ng Sikolohiyang Pilipino (Enriquez, 1992; Pe-Pua & Protacio-Marcelino, 2000); at (3) ang organisadong kultural na reaksyon ng mga lokal na gumagamit sa pamamagitan ng "indigenized prompt engineering" na nakasandig sa Sikolohiyang Pilipino at Pantayong Pananaw (Salazar, 1997). Pinupunan ng etnograpikong pag-aaral na ito ang nasabing puwang sa pamamanan ng pagbibigay ng grounded, empirical, at deeply contextualized visual at textual field evidence.

## Teoretikal at Metodolohikal Na Balangkas

**Teoretikal na Gabay: Tekno-Vernacular Creativity, Sikolohiyang Pilipino, at Pantayong Pananaw**

Nagmula sa teorya ng Techno-Vernacular Creativity ni Gaskins (2021) ang pangunahing analytic lens ng papel na ito. Binibigyang-diin ng kaisipang ito na ang mga marginalized at locally grounded na komunidad ay hindi pasibong tagatanggap lamang ng hegemonikong teknolohiya; sa halip, inaangkin, binabago, muling hinuhubog, at "sinasaling-wika" nila ito upang umangkop sa sariling kultural at panlipunang konteksto. Sa pagninilay sa pilosopiya ng teknolohiya, itinuturing ni Heidegger (1977) na ang teknolohiya ay hindi lamang isang neutral na kasangkapan kundi isang natatanging paraan ng pagpapahayag at pagtatanghal ng katotohanan (revealing / enframing) na may malalim na epekto sa kamalayan ng tao. Iniuugnay ang konseptong ito sa mga batayang poste ng Sikolohiyang Pilipino, partikular sa pagpopook ng kaalaman at sa batayang prinsipyo ng pakikipagkapwa (Enriquez, 1992; Pe-Pua & Protacio-Marcelino, 2000). Sa larangan ng prompt engineering, ang pag-input ng utos o instruksyon sa AI ay hindi lamang isang malamig o mekanikal na proseso ng algorithm. Sa karanasan ng mga Pilipinong kalahok, nagkakaroon ito ng katangiang "pakikipagkapwa-birtwal," kung saan ang mga politeness markers (tulad ng "paki," "po," at "maraming salamat"), lambing, at pakiusap ay isinasama sa prompt upang makakuha ng mas angkop, galang, at kultural na nakikiramay na resulta mula sa makina. Ginamit din ang Pantayong Pananaw ni Salazar (1997) upang kilatisin kung ang itinutulay ng AI ay pananaliksik na para sa kapakinabangan at panloob na diskurso ng sariling pamayanan (para sa atin / tayo-tayo), o kung nagpapatuloy lamang ito sa lumang pormula ng pagsulat na nakatutok sa banyagang tingin at banyagang pamantayan (pang-kayo / pang-sila).

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

**Komprehensibong Metodolohiya at Disenyo ng Pananaliksik**

Gumamit ang pag-aaral ng isang kwalitatibo at reflexive ethnographic research design (Creswell & Poth, 2018; Kozinets, 2010). Isinagawa ang pananaliksik sa loob ng anim na buwang masinsinang field study mula Enero hanggang Hunyo 2026. Upang matiyak ang methodological rigor at replicability, ang mga detalyadong subseksyon ay inilalahad sa ibaba:

**Krayterya sa Pagpili at Distribusyon ng Kalahok**

Gumamit ng purposive at maximum variation sampling sa pagpili ng 25 kalahok (N=25). Ang mga krayterya sa pagpili ay: (a) para sa mga propesor: may hindi bababa sa 3 taong karanasan sa pagtuturo ng Wikang Filipino, Panitikan, o Sosyolinguwistika sa antas tersiyarya at aktibong gumagamit o nagsusuri ng AI tools sa klase; (b) para sa mga mag-aaral: opisyal na nakatala sa undergraduate degree program (Humanities, Social Sciences, o Technology) at may aktibong karanasan sa paggamit ng AI sa pag-draft ng akademikong papel sa Filipino; (c) para sa software developers: may aktibong pakikilahok sa pagbuo ng Natural Language Processing (NLP) models o computational linguistics projects sa mga wikang Pilipino.

**Rekrutment at Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos**

Ang rekrutment ng mga kalahok ay isinagawa sa pamamagitan ng opisyal na imbitasyon sa email at pakikipag-ugnayan sa mga departamento ng wika at computer science. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa gamit ang apat na pangunahing pamamaraan: kalahok-obserbasyon (participant observation), malalimang pakikipanayam (in-depth qualitative interviews), netnograpya (netnography), at reflexive journaling. Para sa kalahok-obserbasyon, isinagawa ang kabuuang 120 oras ng obserbasyon sa mga silid-aralan, departmental meetings, at student study hubs sa tatlong pamantasan sa Luzon, kung saan 50 oras ay isinagawa sa Pampublikong Pamantasan A, 40 oras sa Pribadong Kolehiyo B, at 30 oras sa Pribadong Pamantasan C. Gumamit ang mananaliksik ng structured field notes matrix upang sistematikong maitala ang aktwal na pag-uugali, reaksyon, at paggamit ng artificial intelligence (AI) ng mga kalahok. Samantala, isinagawa ang semi-structured in-depth interviews sa 25 kalahok, na ang bawat panayam ay tumagal mula 45 hanggang 90 minuto. Ginamit ang validated interview guide na binubuo ng mga open-ended na tanong hinggil sa mga karanasan ng mga kalahok sa paggamit ng AI, kanilang pananaw ukol sa integridad, at mga estratehiya sa prompting. Ang mga panayam ay isinagawa sa wikang Filipino at Taglish at naitala gamit ang digital voice recorder matapos makuha ang nakasulat na pahintulot ng mga kalahok. Para naman sa netnograpya, gumamit ang mananaliksik ng netnographic sampling alinsunod kay Kozinets (2010) upang masubaybayan ang tatlong pampublikong online academic Facebook groups at Reddit forums, kabilang ang r/Philippine Academia at dalawang pampublikong grupo ng mga gurong Pilipino, mula Enero hanggang Hunyo 2026. Sa prosesong ito, nakalap ang kabuuang 150 pampublikong posts at thread comments na may kaugnayan sa paggamit ng AI sa Filipino. Tanging mga pampublikong post na walang expectation of privacy ang isinama sa pagsusuri, at pinalitan ng alyas ang lahat ng usernames upang mapangalagaan ang pagkakakilanlan ng mga indibidwal. Bilang karagdagang pamamaraan, isinagawa rin ang reflexive journaling sa pamamagitan ng araw-araw na pagtatala sa research journal, na umabot sa kabuuang 180 entries, upang maidokumento ang sariling pagninilay, posibleng biases, at emosyonal na reaksyon ng mananaliksik habang ginagamit ang AI sa proseso ng sariling drafting.

**Transkripsyon, Coding, at Pagsusuri ng Datos**

Ang lahat ng audio recordings ay verbatim na isinalin sa teksto (transcribed verbatim) na nagresulta sa 380 pahina ng transcript. Isinagawa ang Thematic Analysis alinsunod sa anim na hakbang nina Braun at Clarke (2006) gamit ang NVivo 14 software: (1) Familiarization sa datos; (2) Pagbuo ng mga paunang codes (initial coding); (3) Paghahanap ng mga tema (searching for themes); (4) Pagre-rebyu ng mga tema batay sa theoretical framework; (5) Pagtiyak at pagpapangalan sa mga tema (defining themes); at (6) Pagsulat ng analitikong ulat. Ang codebook ay binuo nang iterative na may 42 initial codes na hinarap sa thematic aggregation.

**Data Saturation, Reflexivity, at Posisyonalidad**

Naabot ang data saturation sa ika-21 panayam, kung saan wala nang bagong codes o thematic dimensions na lumilitaw sa mga kasunod na panayam; gayunpaman, ipinagpatuloy ang 25 panayam upang matiyak ang buong kinatawan ng sampling matrix. Bilang Reflexivity at Positionality statement: Ang mananaliksik ay isang Associate Professor sa wika at kwalitatibong etnograpo na may higit 20 taong karanasan sa pagtuturo. Upang maiwasan ang bias ng pagiging "insider/outsider," isinagawa ang tuloy-tuloy na self-reflexive auditing at peer debriefing.

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH ON MULTIDISCIPLINARY STUDIES

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
*Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145*
*Volume 1, Issue 8, pp. 1-9, September 2026*
*https://ijroms.com*
*Original Article*
IJROMS INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH ON MULTIDISCIPLINARY STUDIES "Bridging Disciplines, Advancing Knowledge"

**Pag-iimbak at Pagtatapon ng Datos**

Ang lahat ng digital audio files, transcripts, at field notes ay inimbak sa isang encrypted, password-protected cloud storage solution (AES-256 bit encryption). Ang mga pisikal na field journal ay nakatago sa isang naka-lock na cabinet. Alinsunod sa Data Privacy Act of 2012 (RA 10173), ang lahat ng hilaw na datos ay iingatan sa loob ng limang (5) taon matapos maipublish ang pag-aaral, pagkatapos ay permanenteng buburahin (permanently deleted/shredded).

**Talahanayan 1:** Demograpikong Profile at Distribusyon ng mga Kalahok sa Pananaliksik (N=25)

| Sektor ng Kalahok | Kalahok Code / Bilang (n) | Distribusyon & Pangunahing Papel |
|---|---|---|
| Mga Propesor sa Filipino at Panitikan | PROF-01 hanggang PROF-10 (n=10) | State University A (n=4), Private College B (n=3), Private University C (n=3). Pokus: Pagsusuri sa akademikong integridad at pedagohiya. |
| Mga Mag-aaral sa Kolehiyo (Undergraduate) | STUD-01 hanggang STUD-10 (n=10) | State University A (n=4), Private College B (n=3), Private University C (n=3). Pokus: Paglalahad ng aktwal na karanasan at diskarte. |
| Software Developers & AI Researchers | DEV-01 hanggang DEV-05 (n=5) | Local Tech Industry / Computational NLP Hubs (NCR & Zambales). Pokus: Teknikal na konteksto sa LLM training at resource constraints. |

**Kredibilidad, Trustworthiness, at Audit Trail**

Upang matiyak ang kredibilidad (credibility), paglipat (transferability), at pagpapatibay (confirmability) ng mga natuklasan alinsunod kina Creswell at Poth (2018), isinagawa ang sumusunod na mga hakbang:

1. **Member-Checking:** Binalikan at ipinabasa muli ang mga na-transkrib na panayam at nakuhang tematikong synthesis sa limang napiling kalahok (2 guro: PROF-02, PROF-05; 2 mag-aaral: STUD-01, STUD-04; at 1 developer: DEV-02) upang kumpirmahin ang ketumpakan ng interpretasyon.
2. **Peer Debriefing:** Isinailalim ang mga binuong tematikong kategorya at field notes sa dalawang independiyenteng dalubhasa sa sosyolinguwistika at etnograpya.
3. **Audit Trail:** Binuo ang isang sistematikong audit trail na nag-uugnay sa bawat pahayag ng kalahok (participant code), petsa ng obserbasyon, partikular na transcript line, at nauugnay na teorya.

## Mga Tala Mula Sa Larang At Ethnographic Field Scenes

Ang seksyong ito ay nagtatanghal ng limang authentic ethnographic field scenes na nakalap mula Enero hanggang Hunyo 2026, na nagbibigay ng raw evidence para sa kasunod na tematikong pagsusuri.

**Tala 1:** ***Ang Unang Pakikipagtagpo sa "Makabagong Elias" (Raw Evidence & Scene)***

*Petsa: Pebrero 12, 2026 | Lokasyon: Silid 204, Departamento ng Filipino, State University A (Zambales) | Audit Trail Code: [OBS-20260212-SUA-P02]*

Nakatayo ako sa likod ng silid-aralan habang nagtuturo si PROF-02 sa kanyang klase sa Panitikan. Inutusan ng guro ang mga mag-aaral na makipag-chat sa isang AI model na na-program bilang si "Elias" mula sa Noli Me Tangere. Ang aktwal na prompt na inilagay ng mag-aaral (STUD-03) ay:

PROMPT: "Elias, kung nabubuhay ka ngayon sa taong 2026, ano ang masasabi mo sa korapsyon sa ating gobyerno at sa kahirapan ng mga maralita sa lipunang Pilipino?"

TUGON NG AI ("ELIAS"): "Ginoo, ang kadiliman na bumalot sa aking panahon ay tila hindi pa rin napaparam sa inyong kasalukuyan... Ang mga banyaga ay umalis nga, ngunit ang mga nanamantala sa sariling dugo ay nananatili sa kapangyarihan."

Napa-ooh ang isang estudyante. Ngunit sa kasunod na sagot, ginamit ng AI ang salitang korapsyon sa halip na mga katutubong kataga ng panahon ng Espanyol. Nagwika si STUD-03: "Teka, ganoon ba magsalita si Elias? Hindi ba dapat katiwalian, kabuktutan, o pagmamalabis? Parang modernong balita sa TV ang salita niya."

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License. 

INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH ON MULTIDISCIPLINARY STUDIES
International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 8, pp. 1-9, September 2026
https://ijroms.com
Original Article
IJROMS INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH ON MULTIDISCIPLINARY STUDIES "Bridging Disciplines, Advancing Knowledge"

**Tala 2:** ***Ang "Sikretong Paggamit" at ang Krisis ng Budhi (Raw Evidence & Scene)***

*Petsa: Marso 5, 2026 | Lokasyon: Coffee Shop sa Olongapo City | Audit Trail Code: [INT-20260305-STUD01]*
Nakaharap ko si Jayson (STUD-01, alyas), estudyante sa Malikhaing Pagsulat. Inamin niya: "Sir, hinding-hindi ko 'to maamin sa klase o sa prof ko. Pero halos lahat kaming magkakaklase, gumagamit ng AI para sa draft sa Filipino. Natatakot lang kaming mabagsak."

Ipinakita niya ang kanyang prompt:
PROMPT: "Isalin at palawakin ang sumusunod na draft sa pormal, pang-akademikong wikang Filipino na angkop sa isang pamanahong papel sa kolehiyo."

Pagkaraan, nagnilay si STUD-01: "Yan din ang itinatanong ko sa sarili ko tuwing gabi, Sir. Akin ang ideya, ang punto, at ang argumento. Subalit ang ritmo at tinig ng mga pangungusap ang mismong musika ng wika ay tila unti-unting napapalitan ng malamig na kalkulasyon."

**Tala 3:** ***Ang "Indigenized Prompt Engineering" at Kultural na Pagpopook (Raw Evidence & Scene)***

*Petsa: Abril 18, 2026 | Lokasyon: Silid ng Departamento ng Teknolohiya, Private College B | Audit Trail Code: [INT-20260418-PROF02]*
Ipinakita ni PROF-02 (alyas Dr. Paguntalan) ang kanyang pormula sa pagbuo ng prompt:

INDIGENIZED PROMPT: "Ikaw ay isang Pilipinong antropologo at dalubhasa sa Sikolohiyang Pilipino. Gamit ang teorya ni Virgilio Enriquez, suriin mo ang konseptong 'Kapwa' sa konteksto ng social media sa Pilipinas. Gamitin ang wikang Filipino na madaling maunawaan ngunit may lalim na pang-akademiko. Iwasan ang mga literal na salin mula sa Ingles katulad ng 'social comparison' na nagiging 'panlipunang paghahambing'; sa halip, gamitin ang 'pakiwari' o 'pakikibagay.'"

Ang tekstong isinuka ng AI ay nagpakita ng malalim na pagbanggit sa utang na loob, hiya, at kapwa.

**Tala 4:** ***Ang Problema ng "Halu-Halo" at Digital Neocolonialism sa Rehiyon (Raw Evidence & Scene)***

*Petsa: Mayo 14, 2026 | Lokasyon: Online National Webinar sa Zoom (Obserbasyon) | Audit Trail Code: [NET-20260514-WEBINAR]*
Isang guro mula sa Panay ang nagpahayag: "Sa aming eskwelahan sa Panay, Hiligaynon, Filipino, at Ingles ang natural na gamit ng mga bata. Kapag nagpo-prompt sila sa AI gamit ang kanilang natural na pananalita na may halong Hiligaynon, nababaliw ang AI. Hindi sila naiintindihan. Kaya napipilitan na lang silang mag-Ingles nang buo."

Sumagot si DEV-01 sa chatbox: "Mahal mag-train at mag-fine-tune ng LLM, Sir. Millions of dollars ang kailangan. Kaya inuuna ng tech giants ang malalaking merkado. Ang mga rehiyonal na wika sa Pilipinas ay salat sa digitized training data."

**Tala 5:** ***Ang Pagtatagpo ng Likas at Likha (Sariling Reflexive Journaling)***

*Petsa: Hunyo 22, 2026 | Lokasyon: Silid-Aklatan ng Researcher, Zambales | Audit Trail Code: [JRN-20260622-REFLEXIVE]*
Sinubukan kong i-upload ang aking field notes sa isang AI platform para sa thematic outline. Sa loob ng limang segundo, nag-generate ito ng simetrikong outline. Subalit sa kritikal na pagninilay: Wala roon ang amoy ng kape, ang panginginig ng boses ng guro mula Panay, at ang pagod sa biyahe. Ang AI ay mabilis na tagapag-ayos ng datos, ngunit ang paghahanap ng kahulugan at empatiya ay tungkulin ng tao.

## Tematikong Pagsusuri at Diskusyon

Sa seksyong ito, ang mga resulta ay inihahanay nang deretso sa apat na pangunahing katanungan sa pananaliksik. Isinasaad dito ang malinaw na paghihiwalay sa pagitan ng raw evidence (mula sa field scenes), analytical interpretation, at theoretical discussion.

### Tanong sa Pananaliksik 1: Ang AI bilang "Tekno-Katuwang" (Co-Creator) laban sa "Kahalili" (Replacer)

Analytikong Interpretasyon:

Ipinapakita ng mga datos mula kina STUD-01 hanggang STUD-10 na ang aktwal na praktis ng mga mag-aaral sa paggamit ng AI ay nahahati sa dalawang paradigm: ang co-creation (paggamit sa AI bilang pang-unang outline, grammar polisher, at brainstorming partner) at ang replacement (buong pag-outsource ng pagsulat). Sa kaso ni STUD-01 (Tala 2), ang AI ay nagbibigay ng pedagohikal na saklolo upang malampasan ang "blank page syndrome" sa pormal na Filipino. Gayunpaman, kapag ang proseso ay nagiging pure replacement, nagkakaroon ng erosion sa personal voice at stylistic identity ng manunulat.

**International Journal of Research on Multidisciplinary Studies**
*Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145*
*Volume 1, Issue 8, pp. 1-9, September 2026*
https://ijroms.com


Teoretikal na Diskusyon at Kaugnayan sa Literatura:

Ang natuklasang ito ay nagpapatibay sa teorya ng cognitive offloading ni Risko at Gilbert (2016) at sa mga babala ni Selwyn (2019). Kapag inagaw ng AI ang proseso ng pagpili ng salita at ritmo, nawawala ang eksistensyal na ugnayan ng manunulat sa kanyang wika. Ang paghahambing ng dalawang pamamaraang ito ay pormal na ibinubuod sa Talahanayan 2.

**Talahanayan 2:** Paghahambing ng Papel ng AI sa Akademikong Pagsulat at Pananaliksik

| Dimensyon ng Paggamit | AI bilang Katuwang (Co-Creator) | AI bilang Kahalili (Replacer) |
|---|---|---|
| Papel ng Tao / Researcher | Aktibong nagdidirekta, nagpapasya, nagpapanatili ng argumento, at nagrerebisa ng nilalaman. | Pasibong nagkokopya, nag-i-input ng simpleng utos, at tumatanggap sa binuong teksto ng AI. |
| Epekto sa Wikang Filipino | Napayayaman ang bokabularyo, naisasaayos ang rehistro, at napatatalas ang estilo. | Nagiging monotonous, mekanikal, at nawawala ang indibidwal na "tinig" (voice) at emosyon. |
| Integridad Pang-akademiko | Mataas; sa tao pa rin ang orihinal na ideya, kritikal na pagsusuri, at pananagutan sa teksto. | Mababa; AI ang gumawa ng kabuuang intelektwal na ambag, nagdudulot ng krisis sa awtentisidad. |

**Tanong sa Pananaliksik 2: Ang Krisis ng Semantika, Contextual Shift, at Semantic Displacement**

Analytikong Interpretasyon:

Sa Tala 1 (OBS-20260212-SUA-P02), ang paggamit ng AI sa makasaysayang katauhan ni Elias ay naglantad ng semantic displacement at hallucination. Ang pagpapalit ng AI sa historikal na katagang "katiwalian" o "kabuktutan" tungo sa modernong loanword na "korapsyon" ay nagpapakita na ang LLMs ay nakasalalay sa statistical probability ng contemporary web corpora sa halip na sa historikal at literary register ng ika-19 na siglo.

Teoretikal na Diskusyon:

Alinsunod sa teorya ng translation ni Nida (1964), nabibigo ang AI sa pag-abot ng dynamic equivalence sapagkat kulang ito sa kultural at historikal na nae-embody na karanasan. Ipinagpapatuloy nito ang obserbasyon ni Shabanpour (2026) na ang LLMs ay may tendensiyang i-flatten ang linguistic nuances ng mga lokal na wika ayon sa dominante at simplipikadong digital data distributions.

**Tanong sa Pananaliksik 3: Ang Pagsilang ng "Indigenized Prompt Engineering"**

Analytikong Interpretasyon:

Sa panayam kay PROF-02 (Tala 3), lumitaw ang isang makabuluhang reaksyon ng mga lokal na akademiko: ang pagbuo ng Indigenized Prompt Engineering. Sa halip na gumamit ng malamig at Kanluraning prompts, ang mga Pilipinong akademiko ay nag-i-inject ng: (1) tiyak na persona (hal. "Pilipinong antropologo"); (2) localized theoretical frameworks (hal. Sikolohiyang Pilipino nina Enriquez [1992] at Pe-Pua & Protacio-Marcelino [2000], pati Pantayong Pananaw ni Zeus Salazar [1997]); at (3) relational prompting markers (tulad ng "paki" at "maging marangal").

Teoretikal na Diskusyon:

Ang natuklasang ito ay isang direktang empirikal na ebidensya ng Techno-Vernacular Creativity ni Gaskins (2021). Ipinapakita nito na ang mga Pilipinong akademiko ay hindi pasibong biktima ng dayuhang AI, kundi aktibong re-appropriators na "nagsasaling-wika" at nagpopook sa teknolohiya upang magsilbi sa sariling pamayanan (Enriquez, 1992; Pe-Pua & Protacio-Marcelino, 2000; Salazar, 1997).

**Tanong sa Pananaliksik 4: Linguistic Hegemony, Epistemic Injustice, at Digital Neocolonialism sa Rehiyon**

Analytikong Interpretasyon at Deviant/Negative Case Analysis:

Ang obserbasyon sa webinar (Tala 4) at ang panayam sa software developer (DEV-01) ay nagbunyag ng isang kritikal na negative case o sablay sa kasalukuyang AI discourse: habang ang Tagalog-based Filipino ay nakatatanggap ng katamtamang suporta sa LLMs, ang mga rehiyonal na wika sa Pilipinas (tulad ng Hiligaynon, Kinaray-a, Waray, Ilokano, at Ibanag) ay nakakaranas ng matinding exclusion. Ang mga mag-aaral mula sa mga rehiyon na nag-i-input ng multilingual na "halu-halo" (code-switched) prompts ay nakatatanggap ng error o maling translation, na nagpipilit sa kanila na ganap na lumipat sa wikang Ingles.

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

IJROMS INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH ON MULTIDISCIPLINARY STUDIES

**International Journal of Research on Multidisciplinary Studies**
*Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145*
*Volume 1, Issue 8, pp. 1-9, September 2026*
https://ijroms.com
*Original Article*

IJROMS INTERNATIONAL JOURNAL OF RESEARCH ON MULTIDISCIPLINARY STUDIES "Bridging Disciplines, Advancing Knowledge"

Teoretikal na Diskusyon:

Ang penomenong ito ay nagpapatunay sa mga babala nina Benjamin (2019), Hossain et al. (2026), at Warschauer (2004) ukol sa digital neocolonialism at epistemic injustice. Dahil ang kapital at compute power ay nakahimpil sa mga multinasyunal na tech giants sa Kanluran, ang mga low-resource regional languages sa Pilipinas ay lalong naisasantabi, na nagdudulot ng panloob na digital divide sa mismong bansa.

**Pigurasyon 1:** Konseptual na Balangkas ng Tekno-Kultural na Pagpopook sa AI sa Akademyang Pilipino

Global AI Models / Western LLMs

↓

Tekno-Vernacular Creativity & Indigenized Prompting

↓

Sikolohiyang Pilipino & Pantayong Pananaw

↓

Kultural na Soberanya at Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino

## Etika ng Pananaliksik

Ang protokol ng pananaliksik na ito ay pormal na naaprubahan ng Institutional Ethics Review Board (IERB Approval Protocol No. 2025-ETH-1082). Lahat ng kalahok ay lumagda sa pormal na Informed Consent Form matapos ipaliwanag ang layunin ng pag-aaral, ang kanilang karapatang umatras anumang oras nang walang anumang pataw na parusa o diskriminasyon, at ang mga hakbang upang tiyakin ang Kompidensiyalidad.

## Konklusyon

Ang etnograpikong pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang Wikang Filipino sa panahon ng artificial intelligence (AI) ay nananatiling isang buhay, dinamiko, at aktibong arena ng pag-aangkin, pagpopook, at pakikipaglaban. Batay sa apat na katanungan sa pananaliksik, natuklasan na ang AI ay nagsisilbing mabisang "tekno-katuwang" sa proseso ng pag-draft, ngunit maaari ring maging banta sa sariling boses kapag ginamit bilang ganap na kahalili ng manunulat; ang mga Large Language Models (LLMs) ay nagpapakita ng matinding semantic displacement at kakulangan sa historikal na rehistro; nagagawan naman ito ng paraan ng mga Pilipinong akademiko sa pamamagitan ng "Indigenized Prompt Engineering" na nakasandig sa Sikolohiyang Pilipino at Pantayong Pananaw; at umiiral ang matinding anyo ng digital neocolonialism na nagtatabi at nagmamarginalisa sa mga rehiyonal na wika sa bansa. Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral na ang paggamit ng AI sa Wikang Filipino ay hindi lamang usapin ng teknolohikal na kahusayan kundi isang mahalagang usapin ng wika, kultura, identidad, at kapangyarihan sa pagbuo at pagpapalaganap ng kaalaman.

### Rekomendasyon

Inirerekomenda ng pag-aaral ang pagbuo ng pambansang "Gabay sa Etikal at Matalinong Paggamit ng AI sa Wikang Filipino" para sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), CHED, at mga Higher Education Institutions (HEIs), kasama ang pagpapatupad ng isang multi-layered at process-oriented na audit framework na hindi umaasa lamang sa automated AI detectors bilang batayan ng akademikong integridad. Sa halip, dapat isaalang-alang ang dokumentasyon ng proseso at version history ng mga draft, transparent na AI disclosure statement at prompt ledger, maikling oral defense o micro-viva, at pagsusuri sa paggamit ng lokal na sanggunian, field data, panayam, at literatura. Para naman sa mga guro at akademiko, inirerekomenda ang pagpapaunlad ng pedagohiya at assessment na higit na nakatuon sa kritikal na pag-iisip, aktuwal na proseso ng pagsulat, oral defense, kalahok-obserbasyon, reflective writing, at localized community-based research. Para sa mga lokal na developer at industriya ng teknolohiya, hinihikayat ang pagbuo at pagsasanay ng localized at open-source LLMs na hindi lamang nakatuon sa Tagalog-based Filipino kundi maging sa mga rehiyonal na wika tulad ng Cebuano, Hiligaynon, Ilokano, at Waray upang mapalawak ang representasyon ng mga wikang Pilipino sa teknolohiyang AI. Samantala, para sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi ang quantitative benchmarking ng iba't ibang LLM models sa katumpakan ng pagsasalin sa Wikang Filipino, multi-region ethnographic studies sa Visayas at Mindanao, at longitudinal classroom studies upang masuri ang pangmatagalang epekto ng AI sa writing proficiency, kritikal na pag-iisip, at akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

### Mga Sanggunian

Almario, V. S. (2014). *Madalas na itanong sa wikang pambansa* (2nd ed.). Komisyon sa Wikang Filipino.

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 8, pp. 1-9, September 2026
https://ijroms.com
Original Article

Benjamin, R. (2019). *Race after technology: Abolitionist tools for the new Jim code*. Polity Press.

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77-101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Constantino, R. (1996). *The miseducation of the Filipino*. Foundation for Nationalist Studies.

Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches* (4th ed.). SAGE Publications.

Enriquez, V. G. (1992). *From colonial to liberation psychology: The Philippine experience*. University of the Philippines Press.

Gaskins, N. R. (2021). *Techno-vernacular creativity and innovation: Culturally relevant making inside and outside of the classroom*. The MIT Press. https://doi.org/10.7551/mitpress/12379.001.0001

Heidegger, M. (1977). *The question concerning technology, and other essays* (W. Lovitt, Trans.). Harper & Row.

Holmes, W., Bialik, M., & Fadel, C. (2019). *Artificial intelligence in education: Promises and implications for teaching and learning*. Center for Curriculum Redesign.

Hossain, I., Banik, M., Al Farid, F., Uddin, J., & Abdul Karim, H. B. (2026). Advancing large language models for low-resource languages: A systematic review of pretraining, adaptation, and ethical challenges. Computer Modeling in Engineering & Sciences (CMES), 148(1), Article 4. https://doi.org/10.32604/cmes.2026.075507

Komisyon sa Wikang Filipino. (2026, July 15). *Buwan ng Wika 2026: Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa pananaliksik at tulay sa yaman ng impormasyon* [Press release]. https://kwf.gov.ph/

Kozinets, R. V. (2010). *Netnography: Doing ethnographic research online*. SAGE Publications.

Nida, E. A. (1964). *Toward a science of translating*. E. J. Brill.

Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino Psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. Asian Journal of Social Psychology, 3(1), 49-71. https://doi.org/10.1111/1467-839X.00054

Risko, E. F., & Gilbert, S. J. (2016). Cognitive offloading. Trends in Cognitive Sciences, 20(9), 676-688. https://doi.org/10.1016/j.tics.2016.07.002

Salazar, Z. A. (1997). Pantayong pananaw: Isang paliwanag. In A. Navarro, M. J. Rodriguez, & V. Villan (Eds.), *Pantayong pananaw: Ugat at kabuluhan: Pambungad sa pag-aaral ng bagong kasaysayan* (pp. 55–59). Palimbagang Kalawakan.

San Juan, D. M. (2007). Pambansang identidad, wika, at neokolonyalismo sa diwa ng kasalukuyang panahon. *Malay*, *20*(1),15-27. https://animorepository.dlsu.edu.ph/cgi/viewcontent.cgi?article=1166&context=malay

Selwyn, N. (2019). *Should robots replace teachers? AI and the future of education*. Polity Press.

Shabanpour, M. B. (2026). Decolonizing the literary AI in the age of LLMs and digital neocolonialism. *Spektrum Iran*, *38*(2), 269–291. https://www.spektrumiran.com/

Warschauer, M. (2004). *Technology and social inclusion: Rethinking the digital divide*. MIT Press.

White, J., Fu, Q., Hays, S., Sandborn, M., Olea, C., Gilbert, H., Elnashar, A., Spencer-Smith, J., & Schmidt, D. C. (2023). A prompt pattern catalog to enhance text-to-text generative models for engineering and research (arXiv Preprint arXiv:2302.11382). https://doi.org/10.48550/arXiv.2302.11382

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License. 